6


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**


# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# Baitang – 6 FILIPINO Aralin 6


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Rondenia D. Aguilar |
| **Illustrator:** | Rondenia D. Aguilar |
| **Layout Artist:** | Mr. Valentin C. Sagun, Jr. |
| **Content Editor:** | Dr. Robert B. Lacayanga |
| **Language Editor:** | Mr. Werlito C. Batinga |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Romela M. Cruz, SDS SDO-Mandaluyong City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Alyn G. Mendoza, CID Chief SDO-Mandaluyong City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo EPS, FILIPINO - NCR<br>Mr. Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Mr. Werlito C. Batinga SDO EPS, Filipino MTB-MLE – Mandaluyong City<br>Dr. Ruby E. Baniqued, LR EPS SDO-Mandaluyong City<br>Ms. Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Ms. Dorothy Grace I. Reyes, PDOII SDO-Mandaluyong City<br>Mr. Calixto N. Camangeg, Librarian II SDO-Mandaluyong |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

**ARALIN 6:** MGA IBA'T IBANG URI NG PANGUNGUSAP

**INAASAHAN:**

1. Magamit ang mga uri ng pangungusap sa iba't ibang sitwasyon **F6WG-IVa-j-13**
2. Maiuugnay ang sariling karanasan gamit ang mga uri ng pangungusap
3. Makapagbigay ng halimbawa ng iba't ibang uri ng pangungusap

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang uri ng pangungusap sa patlang. Gamitin ang **PS** (pasalaysay)**PT**( patanong)**PD** (padamdam) **PU**(pautos)**PK** (pakiusap).

_____1. Aray, ang sakit!

_____2. May kumagat ba sa iyo?

_____3. Pakikuha nga ang gamot sa loob ng bahay.

_____4. May hinahanap akong pugad ng mga ibon.

_____5. Huwag tumayo riyan.

## BALIK-TANAW

**Panuto:** Lagyan ng tsek ( / ) kung nagagawa mo ang pamantayan sa panonood ng *video* at ekis ( X ) naman kung hindi. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Isulat sa kuwaderno ang lahat ng mahahalagang impormasyong ibinigay ng *video presentation*.

2. Unawain ang mensaheng nais ihatid ng napanood.

3. Humanda sa talakayan pagkatapos ng panonood

4. Maupo nang maayos sa panonood.

5. Huwag intindihin ang mensahe ng *pinanood* na video.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Naranasan mo na bang magulat, napatanong sa sarili o kaya na naman nautusan mo na ba ang iyong kapatid ? Madalas nagagawa natin ito sa araw- araw. Kaya naman halina't pag-aralan natin ngayon ang iba't ibang uri ng pangungusap.

Basahin ang usapan ng mag-inang Reyes na namamalengke.

Araw ng Lunes, gumayak ang mag-inang Reyes papunta sa palengke. Maraming silang dapat na bibilhin dahil may bisita silang darating bukas.

**Narcita:** Anak, Halika samahan mo akong mamalengke sa palengke.

**Avegail**: Sige po Inay.
Bakit po ang maaga tayong pupunta sa palengke ?

**Narcita:** Dahil, Mas sariwa ang gulay at prutas ang ating mabibili natin. Ang karne naman na mabibili natin ay agad na malinisan at mailagay sa *refrigerator*.

**Avegail:** Naku! Inay, ang mamahal ng mga bilihin ngayon.

**Narcita**: Oo anak, dahil kaunti lang ang produksiyon sa *mercado.*

**Avegail:** Opo nga siguro Inay.

**Narcita:** Ilagay mo agad ang mga pinamili natin sa traysikel.

**Avegail**: Opo! Inay

Agad na nakauwi ang mag-ina sa kanilang bahay.

Pag-aralan ang sumusunod na pangungusap hango sa usapan ng mag-inang Reyes

1. Mas sariwa ang gulay at prutas na mabibili natin sa palengke.
2. Bakit po maaga tayong pupunta sa palengke ?
3. Naku! Inay ang mamahal ng mga bilihin ngayon.
4. Ilagay mo agad ang mga pinamili natin sa traysikel.

Pare-pareho ba ang ipinahihiwatig ng bawat pangungusap ?

Tandaan natin, ang **pangungusap** ay may limang uri ayon sa gamit. Ito ay pasalaysay, patanong, pautos, pakiusap at padamdam na kalimitan ay nagagamit natin ito sa pang-araw-araw na buhay.

Uri ng pangungusap ayon sa gamit

1. **Pasalaysay**- tinatawag ding paturol. Ito ay pangungusap na nagsasalaysay at nagtatapos sa isang tuldok (.)
   Halimbawa: Si Jose Rizal ay kinikilalang bayani ng ating lahi.

2. **Patanong**- ito ay pangungusap na nagtatanong at nagtatapos ito sa tandang pananong (?)
   Halimbawa: Sino ang maghahatid ng sulat na ito ?

3. **Pautos** - ang pangungusap na pautos ay nagpapahayag ng pag-uutos o nakikiusap. Ito'y gumagamit ng tuldok tulad ng pasalaysay (.).
   Halimbawa: Sagutin mo agad ang liham ni Joy.

4. **Pakiusap –** ito ay pangungusap na maaaring nagsasaad ng paghingi ng pabor. Ito'y nagtatapos sa tuldok (.).
   Halimbawa: Pakikuha ang aking aklat sa kabinet.

5. **Padamdam** – ang pangungusap na nagsasaad ng matinding damdamin tulad ng pagkagulat, tuwa ,o galit atbp.
   Halimbawa: Naku! Nalaglag ang libro.

## GAWAIN 1

**Panuto**: Tukuyin kung ang pangungusap ay pasalaysay, pautos, patanong, o padamdam. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_____________1. Mahilig ka bang kumain ng *junk food?*

_____________2. Hindi dapat kumakain ng ganyang uri ng pagkain.

_____________3. Makabubuti bang kumain ng masustansiyang pagkain?

_____________4. Punasin mo nga ang alikabok sa mesa.

_____________5. Naku! Nahulog ang *cellphone* ko.

## GAWAIN 2

**Panuto**: Mula sa natutuhang mga uri ng pangungusap lagyan ng tamang bantas ang maikling dayalogo. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Thelma: Uy__ napansin mo ba?
Bea : Ang ano__
Parang malungkot siya.
Bea : Napansin ko rin nga parang may sakit siya o kaya'y may problema__
Lapitan mo nga siya at tanungin__
Thelma: Sol Kumusta ka__ Masama ba ang pakiramdam mo?
Bea : May problema ka ba? Maaari mo kaming lapitan baka makatulong kami.

## GAWAIN 3

**Panuto**: Lagyan ng tamang bantas ang sumusunod na pangungusap.

1. Itinaas ang watawat sa tagdan
2. Nakita ko kung paano siya nadapa
3. Nadapa ang bata  Ano ba ang nangyari sa iyo
4. Lagyan mo ng gamot ang sugat niya
5. Ano-ano ang dapat nating gawin kung tayo ay sumasali sa isang usapan o dayalogo

## GAWAIN 4

**Panuto**: Magbigay ng halimbawa ng iba't ibang uri ng pangungusap na:

Pasalaysay

________________________________________________

Patanong

___________________________________________________________

Pautos

___________________________________________________________

Pakiusap

___________________________________________________________

Padamdam

___________________________________________________________

## TANDAAN

Ang pangungusap ay may limang uri ayon sa gamit. Ito ay pasalaysay, patanong, pautos, pakiusap at padamdam na kalimitan ay nagagamit natin ito sa pang-araw-araw na buhay.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Batay sa iyong napag-aralan, kaya mo nang kompletuhin ang pangungusap na:**

**Ang pangungusap ay may apat na uri ayos sa gamit. Ito ay pangungusap na ________________, ________________, ________________, ________________ at ________________.**

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Basahin at unawain. Isulat sa sagutang papel kung anong uri ng mga pangungusap ang sumusunod.

_______1. Bumili ka ng suka sa tindahan mamaya.
_______2. Anong oras tayo kakain?
_______3. Bilisan mo! Uulan na!
_______4. Mabigat ang mga dala kong aklat.
_______5. May balak ba kayong lugar na gustong pasyalan ngayong bakasyon?

## SANGGUNIAN

SANGGUNIAN: Pinagyamang Pluma 6, Wika at Pagbasa sa Elementarya sa pahina 78-79
DepEd Most Essential Learning Competencies Kuwarter 3 : Linggo: 8 Competency Code: F6PU-IIIe-2.2
https://www.coursehero.com/file/56288448/PPT-USAPAN-AT-DAYALOGO-PANGUNGUSAP-not-finishedpptx/
https://www.slideshare.net/andreatiangco9/malikhaing-pagsulat-tula
https://brainly.ph/question/2763927
https://www.google.com/search?q=sanaysay+na+naglalarawan+halimbawa&tbm
https://www.slideshare.net/RochelleNato/phatic-emotive-at-expressive-na-gamit-ng-wika
https://www.google.com/search?q=uri+ng+pangungusap+worksheet&tbm=isch&rlz=1C1KNTJ_enPH931PH931&hl=en&sa=X&ved=2ahUKEwjU3ILN0b3uAhVFGKYKHe4vAo
https://www.panitikan.com.ph/alamat-ng-bohol-buod

## SUSI SA PAGWAWASTO

**BALIK-TANAW**
1. /
2. /
3. /
4. /
5. X

**GAWAIN 1**
1. patanong
2. pasalaysay
3. patanong
4. pautos
5. padamdam

**GAWAIN 2**
1. !
2. ?
3. .
4. .
5. ?

**GAWAIN 3**
1. .
2. .
3. ! , ?
4. .
5. ?

**GAWAIN 4**
**Maaring sagot ng mga bata.**
**Pasalaysay**
Ang mga bata ay nagbabasa ng kanilang modyul.

Patanong
Nasaan ang mga bata?

Pautos
Bumili ka ng miryenda sa tindahan.

Pakiusap
Pakihinaan mo ang radyo.

Padamdam
Yehey! Dumating na si tatay.

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**
1. pautos
2. patanong
3. padamdam
4. pasalaysay
5. patanong